



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-5 ng Nobyembre, 2018
Kontak: Juanito R. Amor Jr. (858) 505-7257

Mga Resulta ng Eleksyon – Kailan Aasahan ang mga Ito

Sa gabi ng eleksyon gusto nating lahat malaman kung sino ang nanalo at kung aling mga proposisyon at panukala ang naipasa – at sa lalong madaling panahon! Ngunit ang mga resulta ng Gubernatoryal na Pangkalahatang Eleksyon sa Ika-6 ng Nobyembre ay inaasahang mas matagal kaysa sa kadalasang paglabas. Narito kung bakit.

- Ang mga botante ng County ng San Diego ay makakatanggap ng dalawang-kard na balota na may mga kontest na nakalista sa parehong harap at likod. Kakailanganin ng mga Botante ang mas maraming oras para mapunan ang mga iyon at kakailanganin ng Tagapagrehistro ng mga Botante ang mas maraming oras para iproseso ang mga ito.
- Mas maraming mga balotang pangkoreo ang na-iisyu kaysa noon ng opisina ng Tagapagrehistro na mahigit sa 1.2 milyon, at maraming mga botante ang hindi nagbabalik ng mga balota hanggang sa Araw ng Eleksyon.
- Isang rekord ng mataas na bilang ng mga rehistradong botante: Ang County ng San Diego ay mayroong mahigit sa 1.7 milyong rehistradong mga botante.
- Mas maraming mga lugar ng botohan ang bubuksan: tumaas sa 1,542, mula sa 1,444 noong Ika-5 ng Hunyo na Primaryang Eleksyon.

Sa madaling salita, mayroon tayong dalawang-kard sa bawat balota, mas maraming mga kandidato, mas maraming mga panukala, mas maraming mga botante, mas maraming mga lugar ng botohan, mas maraming mga balotang pangkoreo at sa pangkalahatan mas maraming mga kard na balota.

Ang bilang ng probisyonal na mga binotohang balota ay dumami noong kamakailang mga eleksyon . Ang mga ito ay nagdadagdag ng oras para maproseso. Ang mga manggagawa ng Tagapagrehistro ay dapat siguruhin na ang inyong mga boto ay mabibilang para sa mga karapat-dapat ninyong iboto at hindi nila bibilangin ang mga hindi mo nakuha.

Ang mga balotang pangkoreo ay mas maginhawa, ngunit kung inyong i-drop off ang mga ito sa mga botohan sa Araw ng Eleksyon, ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay hindi maaaring simulan ang pagbibilang ng mga ito hanggang sa Huwebes pa lamang, sa pinakamaaga, dahil ang mga pirma ay kailangan munang beripikahin. Inaasahan ng Tagapagrehistro ang 250,000 hanggang 300,000 na mga balotang pangkoreo ang ihatid sa mga botohan o kukunin sa U.S. Postal Service sa Ika-6 ng Nobyembre.



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-5 ng Nobyembre, 2018

“Ito ay hindi na talaga isang bagong pangyayari,” sabi ni Vu. “Kami ay malamang na magkakaroon ng mas mataas na dami ng mga matitirang balota.”

Kaya ano ang maaari ninyong asahan?

Ang mga botohan ay magsasara ng ika-8 ng gabi. Sa loob ng mga ilang minuto, ang mga resulta ay dapat na dumating para sa mga balota na ipinakoreo, isinumite sa mga lugar ng pag-drop-off bago ang Araw ng Eleksyon o sa panahon ng maagang pagboto sa opisina ng Tagapagrehistro.

Pagkatapos nito, ang mga resulta sa ilang mga presinto ay maaaring halos paunti-unti, ngunit sa pinaka-kaunting bilang lamang. Maaari mong asahan ang pagdagsa ng mga bilang ng presinto kapag nalalapit na ang ika-11 ng gabi. Pagkatapos, ang mga resulta ay dapat na dumating ng pana-panahon gaya mga truck na may mga kahon ng balota ay patuloy na dumarating. Ang lahat ng mga balota ng presinto ay hindi na marahil darating pa hanggang sa pagkatapos ng ika-1 ng umaga at ang huling resulta ng hindi opisyal na gabi ng eleksyon ay maaaring hindi na gawin hanggang sa pagkatapos ng ika-4 ng umaga.

Matapos mabilang ang lahat ng mga balota sa presinto sa gabi ng eleksyon, inaasahan lamang ni Vu ang halos 55 hanggang 60 porsyento ng boto ang nasa bilang. Ang magkakalapit na mga karerang iyon ay maaari pa ring nakabinbin.

“Hindi pa tapos sa gabi ng eleksyon at talagang hindi naging para sa mahabang, mahabang panahon,” sabi ni Vu. “Ang magkakalapit na mga kontest ay hindi pa mapagpapasyahan hanggang sa ang lahat ng mga balota ay kasama sa bilang.”

Habang maaari ninyong mahulaan kung paano na ang ilan sa mga karera ay lilitaw dahil sa mga maaagang bilangan, ang mga resulta para sa mga magkakalapit na karera ay dapat hintayin hanggang sa maproseso, marepaso o masiyasat ng mga manggagawa ng eleksyon ang bawat balota: presinto, probisyonal, pangkoreo at nasira.

“Sa pagitan ng mga balotang pangkoreo at probisyonal na mga balota, isang magkalapit na karera ang palaging dumadating sa pinakadulo,” sabi ni Vu. “Kailangan nating gawin ang ating buong sikap upang masiguro na ang lahat ay tama.”

Ang ilang mga karera ay maaaring hindi pa mapagpapasyahan para sa ilang mga linggo. Gayunpaman, ang mga resulta ay dapat ma-certify sa 30 araw pagkatapos ng Araw ng Eleksyon sa Ika-6 ng Disyembre.

Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa sdvote.com o tumawag sa (858) 565-5800.



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-5 ng Nobyembre, 2018

###

COUNTY**NEWS**CENTER  